Australian Government
Services Australia

Kumuha ng katibayan ng iyong pagbabakuna laban sa COVID-19

Ang iyong immunisation history statement ay nagtatala ng katayuan ng iyong pagbabakuna laban sa COVID-19.

Ang pinakamadaling paraan upang kunin ang iyong statement ay sa online gamit ang alinman sa:

- iyong myGov account
- Express Plus Medicare mobile app.

Paano ang pagkuha ng iyong immunisation history statement

Kung ikaw ay marapat para sa Medicare

Gamit ang myGov:

1. Mag-sign in sa iyong myGov account.
2. Piliin ang **COVID-19 vaccination status** quick link.
3. Piliin ang iyong pangalan, tapos ay **View immunisation history statement (PDF)**.

Gamit ang Express Plus Medicare mobile app:

1. Mag-sign in sa app.
2. Piliin ang **Immunisation history** mula sa **Services**.
3. Piliin ang iyong pangalan, tapos ay piliin ang **View immunisation history statement**.

Kung hindi mo makuha ang iyong immunisation history statement sa online o kailangan mo ng tulong, tumawag sa **1800 653 809**.

Kung ikaw ay walang Medicare online account

Kailangan mong i-link ang Medicare sa iyong myGov account upang mai-set up and iyong Medicare online account.

Mag-sign in, o lumikha, sa iyong myGov account sa **my.gov.au**

Maaari mo nang i-link ang Medicare gamit ang alinman sa:

- numero ng iyong Medicare card at impormasyon mula sa kasaysayan ng iyong Medicare
- isang linking code na naibigay namin sa iyo sa telepono o sa isang service centre.

Para sa tulong upang mai-link ang Medicare sa myGov, pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/medicareguides**

Paano ang pagkuha ng iyong immunisation history statement sa online kung hindi ka marapat para sa Medicare

Maaari mong kunin ang iyong immunisation history statement sa online gamit ang Individual Healthcare Identifiers (IHI) sa pamamagitan ng iyong myGov account.

Kailangan mong ibigay sa amin ang mga detalye mula sa isa sa mga sumusunod na dokumento ng pagkakakilanlan upang patunayan ang iyong pagkilanlan:

- iyong pasaporte na may balidong visa ng Australya
- iyong lisensya ng pagmamaneho sa Australya.

Sa sandaling mapatunayan namin ang iyong pagkakilanlan, gagamitin namin ang iyong mga detalye upang lumikha ng iyong IHI sa iyong myGov account. Pagkatapos, maaari mo nang gamitin ang serbisyong IHI upang tingnan ang iyong immunisation history statement:

1. Mag-sign in sa iyong myGov account.
2. Piliin ang **COVID-19 vaccination status** quick link.
3. Piliin ang iyong pangalan, tapos ay ang **View immunisation history statement (PDF).**

Para sa karagdagang impormasyon

- tumawag sa Translating and Interpreting Service (TIS National) sa 131 450 upang makipag-usap sa amin sa iyong wika tungkol sa mga serbisyo ng Medicare
- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/covidvaccineproof** para sa karagdagang impormasyon sa wikang Ingles
- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage** kung saan ikaw ay maaaaring magbasa, makinig, o manood ng mga video na may impormasyong nasa iyong wika
- pumunta sa **australia.gov.au** para sa pinakabagong balita at payo tungkol sa COVID-19
- bumisita sa isang service centre.

Punahin: ang mga tawag mula sa iyong telepono sa bahay sa mga numerong ‘13’ mula saanman sa Australya ay sisingilin sa di-mababawasang halaga. Ang halaga ay maaari ring magkaiba-iba sa mga tagapagbigay ng serbisyo ng telepono. Ang mga tawag sa mga numerong ‘1800’ ay walang bayad gamit ang telepono sa iyong bahay. Ang mga tawag gamit ang mga teleponong pampubliko at mobile ay maaaring orasan at singilin sa mas mataas na halaga.